Katotohanan ang inyong kapakanan tiyak na kabilang sa mga bagay na makakapagpalungkot sa akin pagkaraan ko, at tiyak na walang makapag timpi sa inyo kundi ang mga matimpihin

Ayon kay Aisha -kalugdan nawa siya ng Allah- katotohanan ang Propeta -Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- ay siya'y nagsabi: ((Katotohanan ang inyong kapakanan tiyak na kabilang sa mga bagay na makakapagpalungkot sa akin pagkaraan ko, at tiyak na walang makapag timpi sa inyo kundi ang mga matimpihin)). Sabi niya: pagkatapos nagsabi si Aisha, kaya pinainom ng Allah ang tatay mo mula sa isang sapa ng paraiso, ang tinutukoy niya ay si Abdurrahman Bin Awf, na nakaraan siya ay nakapag bigay ng kawang gawa sa mga asawa ng Propeta -Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan ng kayamanan, may nagsabi: Naibenta siya ng halagang apatnapung libo.

[Maganda] [Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

Iminungkahi ni Abu Salama Bin Abdirrahman Bin Awf -Kaawaan siya ni Allah- na ang Ina ng mga mananampalataya Aisha -kalugdan siya ng Allah- ay nagsabi: Katotohanan ang Propeta -Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- ay hinarap ang kanyang mga asawa at sinabi: Katotohanan ang tiyak na makakalungkot sa akin ang inyong kapakanan at inyong kabuhayan pagkaraan ng aking pagkawala, sa pagkat ni wala man lang ako maiwan sa inyo na mana, at tiyak na walang makapagtimpi sa pangangasiwa ng pagsustento sa inyo kundi ang mga matimpihin. At pagkatapos sinabi ni Aisha kay Abi Salama: Papainumin ng Allah ang ama mo Abdurrahman Bin Awf mula sa isang sapa ng paraisong tinatawag na Salsabila. At si Abdurrahman Bin Awf ay nakapag abot ng kawang gawa sa mga asawa ng Propeta -Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- ng isang halaman na naibenta ng halagang apatnapung libong dinar.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/11196